

ARTICLE

Mga Tausug “Halaw” sa Bongao, Tawi-Tawi, Pilipinas mula sa 2022 - 2023: Isang Naratibo

Tausug “Halaw” in Bongao, Tawi-Tawi, Philippines (2022–2023): A Narrative

Charity Joy B. Hashim

ABSTRAK

Ang pagsasaliksik na ito ay tumatalakay sa mga karanasan at pagsubok ng mga Pilipinong deportado mula sa Sabah, Malaysia. Layunin nito na maunawaan ang mga dahilan ng migrasyon ng mga Tausug patungo sa Sabah, kasama ang kahalagahan ng kanilang mga karanasan at hamon. Sa pamamagitan ng interbyu, ininterpret ng mga deportado ang kanilang mga karanasan at maingat itong sinuri. Natuklasan na ang kahirapan at kawalan ng trabaho ang nag-udyok sa kanila na pumunta sa Sabah. Naranasan nila ang pang-aabuso at pagpapahirap sa loob ng kulungan, kasama ang kawalan ng maayos na pagkain at “parusa sa lahat.” Pagkatapos nilang magbalik sa kanilang pinagmulan, malaking hamon ang kinakaharap nila tulad ng kawalan ng trabaho at pamilyang uuwian, na nagdudulot ng pagkabalisa. Para sa kanila, kahit mahirap ang buhay sa Sabah, mas gugustuhin pa rin nilang bumalik doon dahil sa mas magandang oportunidad sa trabaho at mataas na sahod.

MGA SUSING SALITA

Halaw, Filipino sa Sabah, ilegal na migrasyon, deportasyon, Tausug, Bongao, Tawi-Tawi

ABSTRACT

This study explores the experiences and challenges of Filipino deportees from Sabah, Malaysia. It aims to understand the reasons behind the migration of Tausug individuals to Sabah, as well as the significance of their lived experiences. Through interviews, the deportees interpreted and recounted their journeys, which were carefully analyzed. The findings reveal that poverty and the lack of employment opportunities prompted them to migrate. While in detention, they experienced abuse and hardships, including insufficient food and harsh punishments. Upon returning to their homeland, they continue to face significant challenges, such as unemployment and the absence of family support, leading to anxiety and uncertainty. Despite the difficulties they encountered in Sabah, many expressed a willingness to return due to the availability of better job opportunities and higher wages.

KEYWORDS

deportees, Filipino in Sabah, illegal migration, deportation, Tausug, Bongao, Tawi-Tawi

INTRODUKSIYON

Ang pangunahing hanapbuhay ng mga mamamayan sa Tawi-Tawi, partikular sa bayan ng Bongao, ay kinabibilangan ng pangingsda, pagtanim, pagtitinda sa palengke, at pagkakarpiro. Mayroon ding ilan na nagsusumikap sa maliliit na kalakal mula sa Zamboanga at Sabah, Malaysia. Sa kabila ng kanilang pagsisikap, patuloy pa ring nararanasan ang kahirapan sa rehiyon, lalo na sa hanay ng mga Tausug. Ang Tawi-Tawi ay kabilang sa mga lalawigang nasa pinakamahirap na kategorya sa bansa noong unang semestre ng 2023.¹

Noong 1903, ang populasyon ng Tawi-Tawi ay 16,675 at lumobo ito sa 440,276 noong 2020, na may average annual growth rate na 2.55%. Bukod sa mga Tausug, kabilang sa mga pangunahing etnikong grupo sa Tawi-Tawi ang Maranao, Maguindanao, Samal, Yakan, at Badjao (PhilAtlas, Tawi-Tawi Profile).²

Sa harap ng limitadong oportunidad sa kabuhayan at edukasyon sa rehiyon, migrasyon ang nakikitang solusyon ng maraming Tausug. Kadalasang destinasyon ang Sabah, Malaysia, dahil sa mas abot-kayang pamumuhay at mas mataas na posibilidad ng pagkakaroon ng hanapbuhay. Hindi lamang ang mga walang pormal na edukasyon ang nagnanais makaalis kundi maging ang mga nakapagtapos ay nahihikayat ng impluwensiya ng kanilang mga kamag-anak at kaibigan. Sa maraming pagkakataon, ang simpleng “bakasyon” ay nauuwi sa tuluyang paninirahan at paghanapbuhay roon. Noong 2014, tinukoy ng Department of Foreign Affairs (DFA, 2015) ang Malaysia bilang ika-apat sa mga bansang may pinakamaraming Pilipino, na may bilang na humigit-kumulang 620,043 katao.³

Ang migrasyon mula Tawi-Tawi ay bahagi ng mas malawak na kasaysayan ng migrasyon sa Pilipinas. Simula pa noong dekada 1970, pormal na ipinatupad ng pamahalaan ang Labor Export Policy sa ilalim ng Presidential Decree No. 442 o Labor Code of the Philippines sa panahon ni Ferdinand Marcos. Layunin nitong isulong ang paglalabas ng lakas-paggawa ng mga Pilipino sa ibang bansa bilang tugon sa mataas na antas ng kawalan ng trabaho (Labor Export Policy, Philippine Overseas Employment Administration, 2023). Sa pamamagitan ng POEA, at sa kalauna’y Department of Migrant Workers (DMW), pinahusay ang sistema ng regulasyon at proteksyon para sa mga Overseas Filipino Workers (OFW).⁴

Para sa mga Tausug ng Bongao, ang Labor Export Policy ay nagbibigay ng posibilidad ng mas maayos na kabuhayan. Malaking tulong sa mga naiwang pamilya ang mga padala mula sa Malaysia. Gayunpaman, hindi lahat ng kuwento ng mga nangingibang-bansa ay matagumpay. Sa likod ng pangarap ay ang realidad ng kawalan ng dokumento, pang-aabuso, at pagkaka-deport. Kaya’t mahalagang tingnan ang mga “Halaw” — mga itinataboy pabalik sa Pilipinas, na kadalasang dumaraan sa backdoor mula Bongao, Tawi-Tawi patungong Sabah.⁵

Ang salitang “Halaw” ay mula sa Bahasa Melayu, na nangangahulugang itinaboy o pinalayas. Marami sa mga Tausug na Halaw ay ipinanganak o matagal nang naninirahan sa Bongao. Mayroon ding mula sa Sulu na lumipat, nakapangasawa, at dito na bumuo ng pamilya. Ang kanilang kabuhayan ay karaniwang nakasentro

sa pangingisda, pagmamaneho ng traysikel, at pagtatrabaho bilang kasambahay o labandera. Karaniwang umaabot ng tatlo o higit pang taon ang kanilang pananatili sa Bongao bago sila magpasyang makipagsapalaran patungong Sabah, kahit wala silang dokumento.⁶

Ang kasaysayan ng migrasyon at pagiging OFW ng mga taga-Bongao ay matagal nang bahagi ng kasaysayan ng Mindanao. Ang kalapitan ng Tawi-Tawi sa Sabah ang dahilan ng matagal nang ugnayang pangkalakalan at migrasyon. Sa paglipas ng panahon, ang mga pangyayaring ito ay unti-unting naging bahagi ng kultura at lokal na kabuhayan. Subalit sa kabila ng masalimuot na daloy ng pag-alis at pagbabalik, nananatiling mahalaga ang tanong: Bakit patuloy ang pag-alis sa kabila ng panganib at hirap?

Layunin ng pananaliksik na ito na suriin ang karanasan ng mga Tausug Halaw mula sa Bongao, Tawi-Tawi — kung paano sila nagtangkang tumakas sa kahirapan, ano ang naging bunga ng kanilang migrasyon, at paano ito nakaapekto sa kanilang pamilya, komunidad, at kinabukasan. Sa kabila ng pangakong mas magandang buhay sa ibang bansa, mahalagang ipabatid na hindi lahat ay nagtagumpay — may ilan na nauuwi sa mas masalimuot na kalagayan.

Ang datos sa mga sumusunod na talahanayan ay nagpapakita ng estadistikang distribusyon ng mga Pilipinong manggagawang migrante na bumalik mula Sabah patungong Bongao, Tawi-Tawi sa loob ng taong 2022 at unang kalahati ng 2023. Layunin ng presentasyong ito na mailarawan ang daloy ng pagpapabalik ng mga tao sa pinagmulang bansa o repatriation batay sa kasarian at buwan ng pagdating, upang masuri ang kalagayan ng mga Returning Filipinos from Sabah (REFS) sa loob ng takdang panahon.

Makikita sa Talahanayan 1, batay sa datos ng MSSD-BARMM Tawi-Tawi (2023), ang kabuuang bilang ng mga Pilipinong bumalik mula Sabah patungong Bongao noong taong 2022. Umabot ito sa 1,732 katao — 1,529 ay lalaki, at 203 ay babae. Bagamat walang datos para sa buwan ng Enero hanggang Agosto, makikita sa tala na nagsimula ang pagdating ng mga REFS sa Setyembre, na may 530 katao. Ang pinakamaraming dumating ay noong Nobyembre (586), at ang may pinakamababang bilang ay noong Oktubre (303). Ipinapakita ng datos na mas marami ang kalalakihang mga pinabalik o repatriates kumpara sa kababaihan sa bawat buwang may tala.

Talahanayan 1. Returning Filipinos from Sabah (Refs 2022)

	LALAKI	BABAE	1,732
	1529	203	
	LALAKI	BABAE	KABUUAN
SETYEMBRE	450	80	530
OKTUBRE	272	31	303
NOBYEMBRE	532	54	586
DISYEMBRE	275	38	313
KABUUAN			1,732

Makikita sa Talahanayan 2, batay sa datos ng MSSD-BARMM Tawi-Tawi (2023), ang bilang ng mga Pilipinong bumalik mula Sabah patungong Bongao sa unang kalahati ng taong 2023 mula Enero hanggang Hunyo. Sa panahong ito, naitala ang kabuuang 1,100 indibidwal, kung saan 939 ay lalaki at 161 ay babae. Ang pinakamataas na bilang ng mga nagbalik ay noong Abril na may 470 katao, samantalang ang pinakamababa naman ay noong Hunyo na may 17 katao. Muling lumitaw sa datos na mas maraming kalalakihan ang kabilang sa mga repatriates kumpara sa kababaihan.

Ang bahagyang pagbaba ng bilang sa buwan ng Mayo at Hunyo ay maaaring iugnay sa mga panlabas na salik gaya ng panahon, kondisyon sa border ng Sabah, o kakulangan ng transportasyon. Mahalaga rin ang obserbasyong ito sa pagsusuri ng galaw ng migrasyon at pagbabalik ng mga Pilipino mula sa Sabah.

Talahanayan 2. Returning Filipinos From Sabah (Refs 2023, January-June)

	LALAKI	BABAE	KABUUAN
	939	161	1,100
	LALAKI	BABAE	KABUUAN
ENERO	70	19	89
PEBRERO	64	10	74
MARSO	286	85	371
ABRIL	429	41	470
MAYO	74	5	79
HUNYO	16	1	17
KABUUAN			1,100

Pinagkukunan: MSSD-BARMM TAWI-TAWI (2023)

Bongao, Tawi-Tawi

Noong una, bahagi ng lalawigan ng Sulu ang Tawi-Tawi. Subalit, batay sa Presidential Decree No. 302, pormal na naitatag ang lalawigan ng Tawi-Tawi noong Setyembre 11, 1973, bilang isang hiwalay na yunit mula sa Sulu. Itinalaga ang kabisera sa Bongao, na opisyal na kinilala noong 1975 bilang sentro ng pamahalaang panlalawigan.⁷

Noong 1979, isinama ang Tawi-Tawi sa isang awtonomong pamahalaang panrehiyon para sa Kanlurang Mindanao, kasunod ng mga kasunduan sa Moro secessionist movement. Pagsapit ng 1989, bumoto ang lalawigan upang mapasama sa Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM).⁸

Ang Tawi-Tawi ay binubuo ng mahigit 300 maliliit at malalaking isla na matatagpuan sa Timog Pilipinas, kasama ang isang malawak na sistema ng mga bahura. Napapaligiran ito ng Sulawesi (Celebes) Sea sa silangan at ng Sulu Sea sa kanluran. Kabilang ito sa rehiyong kalapit ng mga bansang Pilipinas, Indonesia, at Malaysia.⁹

Ang administratibong sakop ng lalawigan ay humigit-kumulang 25,000 ektarya at binubuo ng 35 barangay na matatagpuan sa tatlong pangunahing isla: Bongao, Pababag, at Sanga-Sanga. Ang mga Tausug at Sama-Bajau ang dalawang pangunahing etnolingguwistikong grupo sa rehiyon, at matagal na silang namuhay nang magkasama sa kabila ng mga salimuot na kasaysayan.¹⁰

Ang mga Tausug ay dating pinuno ng isang independiyenteng estado, ang Sultanato ng Sulu, na sumasaklaw noon sa mga lugar tulad ng Palawan, bahagi ng Malaysia, at Indonesia. Sa loob ng mga pulo ng Sulu, matatagpuan ang estruktura ng mga Tausug sa hilagang-gitnang bahagi, at sila rin ang may politikal na dominasyon sa lungsod ng Sulu. Sa mga nagdaang dekada, lumitaw ang makabuluhang pagkakaiba sa estruktura ng pamumuhay sa timog bahagi ng Sulu, na ngayon ay tinatawag na lalawigan ng Tawi-Tawi.¹¹

Gayunpaman, kinakaharap ng Bongao ang ilang hamon sa larangan ng ekonomiya at kalusugan. Ang Bongao ay isang third class municipality kung saan 14.7% ng populasyon ay nananatili sa antas ng kahirapan. Ang *literacy rate* ay nasa 87.2%, samantalang 70.5% ng mga sambahayan lamang ang may akses sa malinis na tubig, at 22.4% ang may maayos na pasilidad para sa sanitasyon. Ang inaasahang haba ng buhay (*average life expectancy*) sa lugar ay 58.8 taon.¹²

Pagdating naman sa kalamidad, mababa ang panganib sa Bongao, ngunit mababa rin ang kakayahan nitong makabangon, na may resilience score na 0.344 at pumapangalawa sa pinakamababa (ranggo 81 sa 84 na lalawigan). Sa larangan ng kalusugan, 14.2% ng mga bata ang nakakaranas ng malnutrisyon. Bukod dito, mataas ang antas ng gender inequality sa Bongao, na may ranggo na 5 sa 84 na lugar ayon sa ulat ng The Philippines Tawi-Tawi NDPBA Province Profile (2021).¹³

Deportasyon

Noong 2008, batay sa isang ulat ng ahensya, mayroong 83,498 deportado ang na-serbisyuhan mula 1995 hanggang 2008; 88.9% sa mga ito ay nagmula sa ARMM, partikular sa Basilan, Sulu, at Tawi-Tawi. Lumalala ang pag-aresto at deportasyon ng mga ilegal na migranteng Pilipino na walang pasaporte tuwing papalapit ang deadline ng pagpapauwi. Nagdudulot ito ng pagkapuno sa mga pantalan, barko, at mga pasilidad gaya ng mga detention center. Marami sa mga migranteng ito ang nagkakasakit ng meningitis, malaria, pagtatae, typhoid, at iba pang respiratory disease, na naging sanhi ng pagkamatay ng ilan.¹⁴

Ang Department of Social Welfare and Development (DSWD) Field Office IX sa Zamboanga City ay nagsimulang tumanggap at maglingkod sa mga deportado mula sa Sabah, Malaysia noong 1986.¹⁵ Ayon sa mga balita online at sa telebisyon, malinaw na makikita na ang gobyerno ng Pilipinas ay nagbibigay ng tulong sa mga di-dokumentado migranteng Pilipino o deportado mula sa iba't ibang bahagi ng Asya. Karamihan sa mga kilalang Halaw ay mula sa Tawi-Tawi, isang islang bayan na matatagpuan malapit sa Sabah. Ang responsibilidad na suportahan ang kanilang pamilya sa pananalapi ang nagtutulak sa kanila na lumisan patungo sa Sabah, Malaysia, at iwanan ang kanilang tahanan at mga mahal sa buhay.¹⁶

Ang papel ng DSWD Field Office IX ay nagpapakita ng pagkakaisa at suporta ng pamahalaan sa mga deportado at ng pagbibigay-halaga sa kanilang mga pangangailangan. Isa rin itong patunay sa komitment ng gobyerno na magbigay ng suporta sa mga Pilipino na nangangailangan ng tulong, partikular sa konteksto ng migrasyon at kabuhatan sa ibayong dagat. Sa pagmamasid sa mga balita online at sa telebisyon, mahalaga ring banggitin na ipinapakita ng gobyerno ng Pilipinas ang kanilang aktibong pagtugon sa deportado mula sa Asya.

Sa taong 2022, naitala ang 1,732 na nagbabalik na Pilipinong Halaw mula sa Sabah. Samantala, mula Enero hanggang Hunyo 2023, umabot sa 1,100 ang bilang ng mga nagbabalik na Pilipino mula sa Sabah (MSSD, Tawi-Tawi).

Migrasyon

Hindi na bago sa kasalukuyang panahon ang paglipat ng mga tao mula sa isang rehiyon patungo sa ibang bahagi ng Timog-Silangang Asya. Matagal nang umiiral ang mga ugnayang panlipunan at pangkultura sa pagitan ng Sabah at Mindanao. Ang tradisyon ng pagtawid mula sa arkipelago ng Sulu patungong Sabah ay nagsimula pa noong kapanahunan ng makapangyarihang Sultanato ng Sulu, at lalo pang lumalim sa ilalim ng pamumuno ng katutubong Tausug na si Mustapha Harun—ang kauna-unahang Gobernador ng Sabah, o Yang di-Pertua Negeri, noong unang bahagi ng dekada 1960.¹⁷

Ayon kay Frank (2006) nagsimula pa noong ika-16 na siglo ang migrasyon mula Sulu patungong Sabah. Binibigyang-diin niya ang epekto ng mga digmaan at tunggalian sa pagitan ng mga Espanyol at mga katutubong grupo, na nagtulak sa mga Suluk at Bajau na tumakas mula sa kahirapan sa timog ng Pilipinas. Sa kanilang paghahanap ng mas maayos na kabuhatan, naging mahalagang bahagi sila ng kasaysayan ng migrasyong Pilipino sa Sabah.¹⁸

Bago pa man itinatag ang modernong mga pambansang hangganan, matagal nang umiiral ang pagtawid ng mga Pilipino patungong Sabah. Ang komunidad ng mga Muslim sa Pilipinas, na nakatuon sa katimugang bahagi ng bansa—lalo na sa Basilan, Tawi-Tawi, Sulu, Maguindanao, at Lanao del Sur—ay heograpikal na malapit sa Sabah.¹⁹

Bilang bahagi ng arkipelago ng Sulu, ang Tawi-Tawi ay nagsilbing mahalagang ruta at pinagmumulan ng migrasyon patungong Sabah. Mula dekada 1970 hanggang sa kasalukuyan, maraming taga-Tawi-Tawi ang lumipat o nagtatrabaho roon bilang mga OFWs, kadalasan sa sektor ng agrikultura, pangingisda, at konstruksyon. Dulot ito ng kakulangan sa lokal na oportunidad sa kabuhatan, edukasyon, at seguridad. Ang heograpikal na kalapitan at kasaysayang konektado sa Tawi-Tawi at Sabah ay nagpalakas sa daloy ng migrasyon. Sa kabila ng pagiging iregular ng ilan sa mga migrante, nananatili silang mahalagang bahagi ng lokal at internasyonal na ekonomiya ng Sabah. Ipinapakita nito ang ugnayang hindi lamang historikal kundi istruktural—ng kahirapan at pag-asa—ng mga taga-Tawi-Tawi sa labas ng kanilang bayan.²⁰

Ang kasaysayan ng migrasyon ng mga Tausug patungong Sabah ay hindi maaaring ihiwalay sa mga sosyo-politikal at pang-ekonomikong pangyayaring humubog sa rehiyon ng Mindanao. Bago pa man ang panahon ng Batas Militar, may umiiral nang sistemang kalakalang barter sa pagitan ng Sulu at Sabah, kung saan malayang nakakatawid ang mga Tausug upang makipagkalakalan. Ang sistemang ito ay naging sentro ng lokal na kaunlaran sa Sulu, lalo na noong panahong hindi pa mahigpit ang mga patakaran sa pagpasok at paglabas ng mga tao at produkto sa pagitan ng Pilipinas at mga karatig-bansa. Sa paglaon, dahil umano sa sabotahe ng ilang elemento mula sa militar, ang kalakalang ito ay naisantabi, inilipat sa Zamboanga, at kalauna’y tuluyang napatigil—isang hakbang na nagdulot ng pagbagsak ng lokal na ekonomiya sa Sulu.

Ang mas malawakang migrasyon ng mga Tausug patungong Sabah ay nagsimula noong panahon ng Batas Militar sa ilalim ng rehimeng Marcos. Ayon kina Iznor Azli Ibrahim (2019) at Macasalong (2014), ang deklarasyon ng Martial Law ay sinabayan ng malawakang karahasan sa Mindanao, gaya ng Jabidah Massacre at mga pag-atake ng grupong ILAGA (Ilonggo Land Grabbing Association), isang armadong grupong binubuo ng mga Kristiyanong settler na sangkot sa mga karahasang anti-Muslim noong dekada 1970. Ang ganitong mga pangyayari ay nagdulot ng takot, kaguluhan, at kawalang-seguridad, na nagtulak sa libu-libong Muslim, kabilang ang mga Tausug, na tumawid patungong Sabah bilang mga refugee. Tinatayang nasa pagitan ng 200,000 hanggang 300,000 ang tumakas patungong Sabah sa kasagsagan ng mga labanan. Sa panahong ito, kahit walang dokumento, tinanggap ng Malaysia ang mga Tausug refugees, lalo na sa konteksto ng suporta nito sa mga rebeldeng Moro laban sa pamahalaan ng Pilipinas.²¹⁻²²

Subalit, nagbago ang pananaw ng Malaysia sa paglipas ng panahon. Isa sa mga itinatutrong dahilan ng deportasyon ng mga Tausug ay ang pagkakasangkot ng ilan sa kanila sa mga ilegal na gawain gaya ng bentahan ng droga, partikular noong dekada 1990. Bukod dito, dumami rin ang bilang ng mga migranteng walang dokumento, na nagdulot ng hamon sa seguridad at kontrol sa migrasyon ng Sabah. Dahil dito, pinaigting ng pamahalaan ng Malaysia ang kampanya laban sa ilegal na migrasyon, na nagresulta sa libu-libong kaso ng puwersahang deportasyon ng mga Pilipinong Muslim.

Sa Tawi-Tawi, partikular sa Simunul at Sitangkai, maraming kabataang may pinag-aralan at may pamilya ang nangingibang-bansa upang magtrabaho sa Sabah. Kasama rin sa mga umaalis ang mga manggagawang walang pormal na trabaho, bagamat may ilang magsasaka o mangingisda. Ang pagtaas ng kita ay kadalasang nauugnay sa paglipat mula sa trabaho sa sektor ng agrikultura tungo sa mga blue-collar at white-collar na hanapbuhay.²³

May mga ulat na nagsasabing ang mga migranteng Pilipino na walang dokumento ay nakaranas ng pang-aabuso mula sa puwersang pulisya ng Malaysia noong panahon ng Operation Daulat laban sa mga tagasuporta ng hukbong sultanato. Karamihan sa kanila ay naninirahan sa Semporna, Lahad Datu, at Tawau sa silangang baybayin ng Sabah.²⁴ Bagaman mistulang refugee, malaki ang naiambag ng mga Pilipinong ito sa kaunlarang pang-ekonomiya ng Sabah.

Sa pagpapanatili sa kanila, matutugunan ang kakulangan sa paggawa habang napapanatili ang positibong imahe ng Malaysia sa pandaigdigang komunidad.²⁵

May mahabang kasaysayan ang Pilipinas sa pandaigdigang paggawa. Noong 1975–1979, umaabot sa 76,000 ang taunang bilang ng kontraktwal na manggagawang ipinadala sa ibang bansa. Pagsapit ng 2002, umakyat ito sa 892,000 kada taon sa pamamagitan ng pamahalaan.²⁶ Bagamat positibo ang kontribusyon ng mga migranteng manggagawa sa ekonomiya ng Malaysia, may mga negatibong epekto rin—tulad ng paglabas ng salapi sa pamamagitan ng padala, pagkaantala sa mekanisasyon, pagbaba ng sahod, pagtaas ng gastusin sa serbisyong panlipunan, pagdami ng sakit, at banta sa seguridad.²⁷

Noong Mayo 2022, may humigit-kumulang 182,960 na naghahanap ng asylum at refugee ang rehistrado sa United Nations High Commissioner for Refugees (UNHCR) sa Malaysia. Sa bilang na ito, 157,040 ang mula sa Myanmar, partikular ang grupong Rohingya na may 104,330 katao. Ang natitira ay 25,920 mula sa 50 bansa, kabilang ang Pakistan, Yemen, Syria, Somalia, Afghanistan, Sri Lanka, Iraq, at Palestine.²⁸

Sa kabila ng matagal na kasaysayan ng migrasyon, tila hindi agad nakapaghanda ang pamahalaan ng Malaysia sa pagdagsa ng mga dayuhang manggagawa matapos ang kalayaan. Sa dekada '70, kasabay ng pagpapalawak ng imprastraktura at sektor ng agrikultura, lumobo ang migrasyon. Isang konkretong hakbang lamang ang isinagawa noong 1984 sa pamamagitan ng Medan Agreement sa pagitan ng Malaysia at Indonesia, at sa dekada '90 lamang nagsimulang umiral ang sistematikong polisiya ukol sa migrasyon.²⁹

Kahit sa Timor-Leste, pagkatapos ng kalayaan, naging destinasyon rin ito ng regular at hindi regular na migrante. Ngunit nakaranas din ito ng mga kaso ng pang-aabusong paggawa, partikular sa kababaihan.³⁰

Sa Malaysia, kadalasang inilalarawan ang mga hindi regular at walang dokumentong migrante bilang problematikong populasyon—mga banta sa seguridad, kabilang ang isyu sa ekonomiya, lipunan, at panloob na kapayapaan.³¹

Ayon sa iskolar na si Harrell-Bond (1999, 2000, 2002), isa sa mga matinding kritiko ng sistemang pantulong sa refugee, may stereotype na ang refugee ay “walang kalaban-laban,” subalit ipinapakita rin niyang may ibang representasyon—ang tinaguriang “masasamang refugee” na itinuturing na mapanganib, mapagmanipula, at mapagsamantala.³²

Hindi lamang kahirapan ang naranasan ng mga OFW sa ibang bansa. Sa New Zealand, naranasan din ng mga Pilipinong manggagawa ang diskriminasyon sa panahon ng pandemya ng COVID-19.³³ Tiniis nila ang mga pagdurusa alang-alang sa kinabukasan ng kanilang mga anak; subalit may mga pagkakataong humantong ito sa hiwalayan at pagkasira ng pamilya. Noong 1988, binansagan silang *Bagong Bayani* ni dating Pangulong Corazon Aquino. Sa mga sumunod na taon, lalo na noong dekada '90, naging tampok ang programang ito ng pamahalaan.³⁴

Ang gobyerno ang may gahum sa paghubog at pagpapatupad ng mga patakaran hinggil sa migrasyon. Ngunit sa ilang pagkakataon, ito rin ang nagpapalala sa

kalagayan ng mga manggagawang Pilipino, lalo na ng mga kababaihan na madalas makaranas ng diskriminasyon at mababang pagtrato. Kaya't inaprubahan ang R.A. 6955 na nagdeklara ng ilegal para sa sinumang tao o organisasyon na gawing negosyo ang paghahanapbuhay sa mga babaeng Pilipino upang makapag-asawa ng mga Amerikano o sinumang banyagang lalaki.³⁵

Metodolohiya

Binigyang-diin sa papel ng pananaliksik na ito ang proseso ng pagbuo ng teoryang Constructivist Grounded Theory ni Charmaz, na nakatuon sa pag-unawa kung paano binubuo ng mananaliksik ang kahulugan at iniinterpret ang mga karanasan sa isang layuning pagsusuri gamit ang reflexive analysis na lumilikha ng mga kategorya batay sa datos at interpretasyon ng mananaliksik.³⁶

Layunin ng pananaliksik na ito na mainterpret ang mga karanasan ng mga na-deport naTausug Halaw mula sa Bongao, Tawi-Tawi—kung paano nila naiintindihan ang mga hamon ng migrasyon at kung paano ito nagpagpapatibay sa kanilang pagkatao. Isinagawa ang panayam sa pamamagitan ng harap-harapang interbyu.

Sumulat ang mananaliksik sa tanggapan ng Provincial Social Welfare Office ng MSSD-BARMM sa Tawi-Tawi upang humingi ng pahintulot na makapanayam ang ilang mga indibidwal na naging Halaw mula sa Sabah, Malaysia. Sa sulat ay isinama rin ang kahilingan na payagan ang dokumentasyon ng mga salaysay sa pamamagitan ng bidyo. Personal na kinausap ng mananaliksik ang mga kalahok at ipinaliwanag ang layunin ng pag-aaral, at ang kahalagahan ng kanilang salaysay sa mas malawak na pag-unawa sa karanasan ng migrasyon at sapilitang repatriation.

Sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito, pangunahing layunin ng mananaliksik na tiyakin ang kaligtasan, karapatan, at kapakanan ng mga kalahok, lalo na't sensitibo ang paksa tungkol sa migrasyon, sapilitang deportasyon, at karanasan ng mga marhinalisadong komunidad. Binigyang-diin ang mahigpit na pagsunod sa mga etikal na pamantayan upang mapanatili ang dignidad at kumpiyansa ng bawat kalahok sa buong proseso ng pananaliksik.

Bago isagawa ang interbyu, ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral, saklaw ng panayam, kalikasan ng mga tanong, at ang posibleng epekto ng kanilang pakikilahok. Tiniyak na nauunawaan nila ang lahat ng ito upang makapagbigay sila ng informed consent—alinman sa verbal o nakasulat—bilang tanda ng kanilang kusang-loob na pagsang-ayon. Hindi binigyan ng anumang insentibo ang mga kalahok, at ipinaabot sa kanila na maaari silang umatras sa pananaliksik anumang oras, bago, habang, o matapos ang panayam, nang walang anumang negatibong epekto sa kanila.

Ang mga panayam ay isinagawa sa isang ligtas at maingat na kapaligiran, may paggalang sa personal na damdamin ng mga kalahok. Ipinabatid sa kanila na maaari nilang iwasang sagutin ang mga tanong na sa tingin nila ay masyadong sensitibo o maaaring magdulot ng emosyonal na epekto. Sa mga pagkakataong


may pag-urong ng pahintulot, agad na tinanggal at hindi isinama sa pagsusuri ang kanilang datos.

Upang mapanatili ang pagiging kumpidensyal, hindi ginamit ang tunay na pangalan, tiyak na lokasyon, o anumang impormasyong maaaring maglantad sa pagkakakilanlan ng mga kalahok. Gumamit ng mga alyas o koda sa pagtatala at pagsusuri ng datos. Lahat ng naitalang datos—maging bidyo, transkripsyon, o tala—ay itatago sa protektadong storage (digital o physical) at hindi ibabahagi sa iba nang walang pahintulot ng kalahok.

Ang lahat ng hakbang sa pananaliksik na ito ay isinagawa alinsunod sa mga alituntunin ng etikal na pananaliksik na kinikilala sa loob ng akademikong institusyon, kabilang ang posibleng pagkuha ng pahintulot mula sa mga ahensya tulad ng Provincial Social Welfare Office ng MSSD-BARMM. Sa kabuuan, layunin ng pananaliksik na ito na maging makatao, responsable, at may mataas na antas ng integridad; nagpapakita ng respeto sa kultura at karanasan ng mga Tausug Halaw bilang mahahalagang boses sa pag-unawa sa migrasyon at sapilitang repatriasyon sa Timog Pilipinas.

Makikita sa Figura 1 ang mga pamamaraan ng pagkolekta ng mga datos sa mga kalahok na naging Halaw sa Sabah.

Figura 1. Proseso ng Pagkuha ng Datos:



Itinala ito sa wikang Tausug at isinalin sa wikang Filipino upang lubos na maintindihan ng mga mambabasa. Ang mga naitalang mga karanasan ay masinsinang sinuri upang ilarawan at ipaliwanag ang mga ito gamit ang tematikong

pag-aanalisa. Inilatag sa unang bahagi ng resulta at diskusyon ang kabuuan na mga naitala na pag-aaral na pumapaksa sa mga Tausug Halaw sa Bongao, Tawi-Tawi, Pilipinas mula sa 2022 - 2023: Isang Naratibo.

Makikita sa pigura 2 ang listahan ng mga naging Halaw, kanilang kasarian, edad, taon ng paninirahan sa Sabah at ang naging trabaho nila sa lugar na ito.

Pigura 2. Mga pangalan mula sa pakikipagpanayam sa mga Tausug na may karanasan sa pagiging Halaw.

Pangalan (Halaw)	Kasarian	Edad	Taon sa Sabah	Trabaho sa Sabah
1	Lalake	64	5	mangingisda
2	Babae	55	6	nagtitinda ng gulay
3	Babae	73	12	nagtitinda sa palengke
4	Lalake	23	7	konstraksyon worker
5	Babae	43	11	nagtitinda ng sigarilyo
6	Lalake	58	3	nagtatanim ng niyog
7	Lalake	62	5	kalapasawit (palm oil)
8	Babae	25	5	nagtratrabaho sa coffee shop
9	Babae	59	30	nagtratrabaho sa coffee shop

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay naninirahan sa Pasiagan at Sowang kagang, Bongao, Tawi-Tawi, at sila ay naging Halaw noong taong 2022–2023. May edad silang mula dalawampu’t lima hanggang pitumpu’t tatlong gulang, at nagtatrabaho sa Sabah, Malaysia, mula tatlo hanggang tatlumpung taon.

Isang survey-type questionnaire ang ginamit, at ang mga panayam ay nirekord. Ang mga talaan ng pagsusuri ay may dalawang bahagi: 1) Personal na Impormasyon, at 2) mga tanong na may malayang kasagutan.

Repleksyon

Ang mananaliksik ay ipinanganak sa Jolo, Sulu, at lumaki sa Bongao, Tawi-Tawi, kung saan siya rin nakapag-asawa. Islam ang kanyang relihiyon at naniniwala siya kay Allah bilang nag-iisang Diyos. Sumusunod siya sa mga pangunahing haligi ng Islam: Shahada (pagpapahayag ng pananampalataya), Salat (panalangin), Zakat (pagbibigay ng limos), at Sawm (pag-aayuno sa Ramadan). Layunin niyang tuparin ang Hajj (paglalakbay sa Mecca) sa hinaharap.

Bilang mananaliksik, naging saksi ako sa mga karanasan ng mga Tausug Halaw at iba pang migrante mula sa Bongao, Tawi-Tawi, pati na rin mula sa Zamboanga. Natutunan ko ang mga sanhi at epekto ng migrasyon, pati na rin ang mga pagsubok na kinahaharap nila bilang mga deportado. Marami sa mga deportadong migrante mula sa Sabah ang walang pamilya o bahay na mauuwian, kaya napipilitang mamuhay sa lansangan at humingi ng limos. May ilan ding nagiging biktima ng matinding kahirapan at gutom na nakaaapekto sa kanilang kalusugang pangkaisipan.

Nakakalungkot makita ang mga deportado na walang matutuluyan, nawawalan ng pag-asa at kabuhayan, at nahaharap sa malupit na epekto ng migrasyon sa kanilang emosyonal at pisikal na kalagayan. Dahil dito, nagkaroon ako ng personal na malasakit at motibasyon upang magsagawa ng masusing pag-aaral tungkol sa kanilang mga karanasan, at makapagbigay ng makatarungan at epektibong mga rekomendasyon.

Bilang isang Muslim, may malalim akong koneksyon sa paksang ito dahil nauugnay ito sa mga halaga ng pamilya at komunidad na mahalaga sa ating kultura. Nakita ko kung paano naapektuhan ang pagkakakilanlan at kultura ng mga Tausug at iba pang Muslim dahil sa hamon ng migrasyon. Kaya't ang pananaliksik na ito ay isang paraan upang mas mapalawak ang pang-unawa at suporta para sa mga kababayan nating dumaan sa ganitong mahirap na karanasan.

RESULTA AT DISKUSYON

A. Motibasyon sa Pag-alis Patungong Sabah, Malaysia

Batay sa mga panayam sa siyam na Tausug Halaw sa Bongao, Tawi-Tawi, lumitaw ang ilang pangunahin at magkakaugnay na temang nag-udyok sa kanilang migrasyon patungong Sabah. Pangunahing dahilan ang kahirapan at kawalan ng oportunidad sa sariling bayan, na nagtulak sa kanila upang makipagsapalaran sa kabila ng panganib at kawalan ng legal na dokumento.

1. Pang-ekonomikong Dahilan at Pangangailangan ng Hanapbuhay

Isa sa mga pangunahing dahilan ng kanilang pag-alis ay ang pangangailangan ng hanapbuhay. Halos lahat ng mga kinapanayam ay nagsabing wala silang sapat na kita o oportunidad sa Bongao, kaya't napilitan silang humanap ng trabaho sa Sabah.

“Ang nag-udyok sa akin upang ako ay pumunta sa Sabah ay upang maghanap ng ikabubuhay at matustusan ang aking pamilya nasa Bongao, Tawi-Tawi.” — Ginang Juvy, 55 taong gulang, dating tindera ng gulay sa palengke ng Sabah.

“Kung di lamang mahirap ang kabuhayan sa pook ng aking pinanggalingan, ‘di ko iisipin na makipagsapalaran sa Sabah.” — JR, 16 taong gulang nang unang magtrabaho bilang construction worker sa Sabah.

Katulad ng karanasan ni Saluan, 62 taong gulang, na limang taon namasukan sa palm oil plantation:

“Ang nag-udyok sa akin ay ang maghanap ng trabaho sa Sabah Malaysia dahil mahirap ang buhay dito sa Bongao, Tawi-Tawi.”

Ginamit din ang ekspresyong *maglawag sino* o *maglag ringgit* (maghanap ng pera) upang ilarawan ang kanilang layunin, na para sa kanila ay may pag-asa lamang sa Sabah upang masuportahan ang pamilya.

2. Kawalan ng Oportunidad at Edukasyon

Bukod sa kahirapan, maraming kalahok ang hindi nakapagtapos ng pag-aaral, kaya lalo silang nawalan ng pagkakataon na makahanap ng disentang trabaho sa Pilipinas.

“Kung ako ay nakapagtapos, ‘di na siguro ako aalis. Pero dito, kahit anong gawin mo, walang mapasukang trabaho.” — Gng. Jem

Ipinapakita nito ang isang istruktural na problema kung saan ang edukasyon, na dapat pintuan sa oportunidad, ay hindi naaabot ng karamihan sa mga Tausug sa Bongao.

3. Impluwensiya ng Pamilya at Kamag-anak sa Sabah

Marami sa kanila ang unang pumunta sa Sabah upang bisitahin ang mga kamag-anak, at dahil sa tulong at impormasyon na ibinahagi ng mga ito, nanatili sila doon upang magtrabaho.

“Nagpunta lang dapat ako para dumalo sa okasyon. Pero nakita ko na mas may hanapbuhay doon. Ang sabi ng pinsan ko, tutulungan niya akong makapasok sa trabaho.” — Wahad, dating mangingisda.

Ipinapakita nito ang umiiral na informal migration network sa pagitan ng Sulu at Sabah na nagsisilbing tulay para sa mga migrante.

4. Pagkakataong Makaahon sa Kahirapan Kahit May Panganib

Bagamat may kamalayan sa panganib, hindi ito naging hadlang. Para sa kanila, mas matindi ang takot na manatili sa kahirapan kaysa sa panganib ng migrasyon.

“Mahunit in way hinang, atas ko mang-agad ha mga kabangkaan sin mga kabagayan bang man awn ikapakaun ha mga anak, asawa ko.” (Mahirap ang walang trabaho, sumasama ako sa may mga bangka upang kumita at may makain ang aking mga anak at asawa.) — Wahad

Makikita rito na ang migrasyon ay isang desperadong pagkilos upang mabuhay at mabigyan ng dignidad ang sarili at pamilya.

B. Karanasan ng Tausug Halaw: Pagharap sa Panganib at Trauma ng Pagkakakulong

1. Araw-araw na Pamumuhay sa Takot

Isa sa mga matinding karanasan nila ay ang pamumuhay sa takot dahil sa kawalan ng legal na dokumento. Habang nagtatrabaho sa kalye o pabrika, palaging may banta ng oprasi o biglaang raid ng mga awtoridad.

“Bang makahinang dusa in hambuuk kamu, katan agad panisun.” (Kapag may nagkamali, ang buong grupo ay pinaparusahan.) — Gng. Nur

Ipinapakita nito ang kawalan ng katarungan sa mga Halaw dahil sa kolektibong parusa.

2. Trauma ng Karanasan sa Kulungan

Masama ang karanasan sa kulungan: makitid, marumi, walang sapat na pagkain, at madalas na may pisikal na pananakit.

“Kami katan panisun minsan way kami nahinang dusa. Di pagpakaun, kyakakal sin kahoy bya sattuwa in atud kamu bukun manusiya.” (Lahat kami, pinaparusahan kahit walang kasalanan. Ginugutom kami, pinapalo, parang hindi tao ang tingin sa amin) — Gng. Jem

Ang karanasang ito ay nag-iiwan ng malalim na trauma at mga sikolohikal na pilat o psychological scars.

3. Pagtingin sa Panganib bilang Sakripisyo para sa Pamilya

Kahit batid ang panganib, patuloy ang kanilang pagbalik sa Sabah bilang bahagi ng sakripisyo para sa pamilya.

“Mahunit in way hinang, atas ko mang-agad ha mga kabangkaan sin mga kabagayan bang man awn ikapakaun ha mga anak, asawa ko.” (Mahirap ang walang trabaho kaya’t napipilitan akong sumama sa mga kaibigan na may bangka, basta’t may maipapakain lang ako sa aking asawa’t mga anak.)— Wahad

Ipinapakita nito ang mas malalim na layunin ng migrasyon bilang responsibilidad at pagmamahal sa pamilya.

4. Diskriminasyon at Dehumanisasyon

Bukod sa pisikal na paghihirap, nararanasan din ng mga kalahok ang diskriminasyon, pang-aabuso, at paglabag sa kanilang dignidad bilang tao. Ayon sa isa sa kanila, “Kahit isa lang ang nagkamali sa amin, lahat kami pinaparusahan. Hindi rin kami pinapakain sa tamang oras, minsan ay hindi talaga kami pinapakain, kaya nagkakasakit ang iba, at may mga namamatay sa loob ng kulungan.” — Gng. Jem

Ipinapakita nito na ang migrasyon ay hindi lamang usaping pang-ekonomiya, kundi isang moral at makataong isyu na nangangailangan ng mas malalim na pag-unawa at pagkilos.

C. Ang Pagbalik sa Bayan: Pagharap sa Kawalan, Panibagong Pagsubok, at Pag-asa

1. Pagbabalik na Walang Naipon: Panibagong Simula sa Gitna ng Kahirapan

Maraming bumalik mula Sabah nang walang ipon o suporta, kaya ang kanilang pagbabalik ay pagharap muli sa kahirapan.

“Mahunit bang kita masaggaw ha hula Sabah bang uway mara ta sin pa pamilya ta. Angkanda, minsan makapila ako mahalaw magbalik da ako pa Sabah. Pasal bukun mahunit maglawag sin ha hula Sabah.” — Abdul, (Mahirap kung mahuli tayo sa Sabah kung wala kang dalang pera para sa pamilya mo. Kaya, kahit ilang beses pa akong madeport at naging Halaw, babalik at babalik pa rin ako sa Sabah. Dahil sa Sabah, hindi mahirap maghanap ng pera.)

Ang kanyang pahayag ay nagpapakita ng desperasyon at determinasyon—na kahit ilang beses pa siyang madeport, pinipili pa rin niyang bumalik sa Sabah upang kumita, sapagkat walang sapat na kabuhayan sa kanilang pinanggalingan.

2. Pagkawala ng Ugnayan: Pag-iisa at Pagkalimot sa Sariling Bayan

Ang iba ay nawalan ng koneksyon sa kanilang pamilya, na lalo pang nagpapahirap sa kanilang kalagayan. “Nahalaw ako pa hula Bongao, mahunit para kaku mandun-duun ha pamaymay sin tao bukun ko lasiya. Di ko na

katumtuman bang hi siyu naman in mga lasiya ko pasal katluan tahun na ako ha Sabah naghinang.” — Nur (Isa ako sa mga Halaw na pinauwi sa Bongao. Mahirap para sa akin na nakikitira sa bahay ng taong hindi ko naman kamag-anak. ‘Di ko na rin matandaan kung sino-sino ang mga kamag-anak ko dahil tatlumpung taon na akong nanirahan sa Sabah.)

Ipinapakita sa kanyang salaysay ang isang masaklap na bunga ng sapilitang migrasyon—ang pagkaputol ng ugnayang pampamilya at ang damdaming pagkaligaw sa sariling bayan matapos ang matagal na paninirahan sa ibang bansa.

3. Pagbangon sa Gitna ng Lumbay: Mga Kuwento ng Pagsusumikap

Bagamat mahirap, may ilan na nagsusumikap muli sa mga simpleng kabuhayan tulad ng pangingisda.

“Sari na mahunit in kabuwianan ha Bongao, basta makakaun da makatu hangka-adlaw.” (‘Di bale na mahirap ang kabuhayan sa Bongao basta makakain lang tatlong beses sa isang araw.) — Gng. Nur

4. Ulit-ulit na Siklo: Ang Patuloy na Balik sa Sabah

Kahit paulit-ulit na madeport, patuloy silang bumabalik sa Sabah dahil mas madali pa rin ang hanapbuhay doon. Ayon kay Abdul, 58 taong gulang, “Minsan ako masaggaw balik, iban pauwiun pa hula, magbalik da ako pa Sabah. Bya kaku way pangiskul, mahunit makalag hinang di ha hula. Angkanda ha Sabah minsan makabugah, way ako mahinang.” (Kahit mahuli ako muli at pauwiin sa aming lugar, babalik at babalik pa rin ako sa Sabah. Katulad kong walang pinag-aralan, mahirap makahanap ng trabaho sa sarili kong bayan. Kaya kahit minsan ay delikado sa Sabah, wala akong ibang mapagkukunan ng hanapbuhay.)

Ipinapakita sa kanyang pahayag ang desperasyon at pangangailangang pangkabuhayan na nagtutulak sa kanya na paulit-ulit na bumalik sa Sabah, sa kabila ng panganib ng pagka-halaw at kakulangan ng oportunidad sa sariling bayan.

KONKLUSYON

Sa kasalukuyang panahon, hindi na bago ang migrasyon ng mga Pilipino, partikular ng mga Tausug mula Bongao, Tawi-Tawi patungong Sabah, Malaysia. Ang ganitong uri ng paglipat ay hindi lamang bunga ng kasalukuyang kalagayang pangkabuhayan kundi bahagi rin ng matagal nang ugnayan sa pagitan ng arkipelago ng Sulu at Sabah. Sa kabila ng pagiging mapanganib at ilegal ng kanilang paglalakbay, itinuturing pa rin ito ng mga Tausug bilang praktikal na hakbang tungo sa mas maayos na kabuhayan. Ayon sa mga kalahok, ang pangunahing nagtutulak sa kanila ay ang matinding kahirapan sa Bongao—isang sentimyentong malinaw sa pahayag ni G. Saluan: “Sabab sin kasigpitan bang mayta kami limawag hinang pa Sabah.” (Dahil sa kahirapan kaya kami naghanap ng trabaho sa Sabah)

I. Mga Dahilan ng Migrasyon: Pangkabuhayang Paghahangad

Ipinakita sa mga salaysay ng kalahok ang kawalan ng sapat na oportunidad sa Bongao, na siyang nagtutulak sa impormal o di dokumentadong migrasyon. Umuusbong dito ang patern ng pagsunod sa yapak ng mga naunang nakatawid patungong Sabah at nakapagpadala ng tulong-pinansyal sa pamilya, na tila ba ito’y napatunayan nang *epektibong* ruta ng kaligtasang pang-ekonomiya.

II. Karanasan sa Sabah: Paghahanap ng Kabuhayan sa Gitna ng Pang-aabuso

Bagama’t pinangarap bilang lugar ng pag-asa, ang Sabah ay naging tagpuan ng emosyonal at pisikal na paghihirap para sa marami. Karamihan sa kanila ay nakaranas ng pagmamalupit, gutom, at paglabag sa karapatang pantao habang nasa kustodiya ng mga awtoridad. “Bang makahinang dusa in hambuuk kamu, katan agad panisun,” ani Gng. Gem, (kung ang isa sa amin ay nakagawa ng kasalanan, lahat ay paparusahan.) na tumutukoy sa malupit na kondisyon ng pagkakabilanggo. Ang mga karanasang ito ay may pangmatagalang epekto sa kanilang mental at emosyonal na kalagayan, na lalong nagpapahirap sa kanilang muling pag-ahon.

III. Pagbabalik sa Bongao: Patuloy na Hamon sa Reintegrasyon

Sa kanilang pagbabalik, bumulaga muli sa kanila ang parehong kahirapan at kawalan ng oportunidad. Dito umusbong ang categoryang *Pagsasaayos at Paghahanap ng Panibagong Landas*, kung saan sinisikap ng mga halaw na muling makibagay sa lipunang kanilang minsang nilisan. Kasabay nito ang panibagong yugto ng pakikibaka, dala ang trauma, hiya, at kawalan ng tiwala sa sistemang panlipunan.

Kaugnay nito, mas naging malinaw sa pag-aaral na ang mga halaw ay hindi simpleng biktima ng migrasyon kundi may kapasidad ding magpanukala ng solusyon. Ayon sa kanila, mas nanaisin nilang magkaroon ng legal na oportunidad sa Sabah kaysa patuloy na mamuhay sa takot at panganib. Sa kanilang pananaw, maaaring maging daan ang pagkakasundo sa pagitan ng pamahalaan ng Pilipinas at Malaysia upang magkaroon sila ng legal at makataong karapatan sa pagtatrabahoon.

“Ipagkasi sin hula Malaysia iban Pilipinas, dumihil kasanyangan ha mga magtutulak pa Sabah,” - G. Nadzri (Ang pagkakasundo ng bansa ng Malaysia at ang Pilipinas, ay nakakapagbigay ng kaginhawaan sa mga umaalis papuntang Sabah.) isang panawagan ng pagkakaisa para sa kapakanan ng mga migrante.

Samantala, para sa iba, kung hindi man posible ang legal na pananatili sa Malaysia, ninanais nilang magkaroon ng makatao, mabilis, at organisadong proseso ng deportasyon. “Binsana kami ha lawum jil, agun kami mapatay sin hapdi pasal di kami pagpakaunun,” ani Gng., (Hirap kami sa loob ng kulungan, halos

mamatay sa gutom ‘di kami pinapakain) na sumasalamin sa tindi ng pagpapabaya sa loob ng detensyon.

REKOMENDASYON

Upang higit na mapabuti ang kalagayan ng mga deportadong Pilipino, partikular na ang mga Tausug na sapilitang pinabalik mula sa Sabah, mariing inirerekomenda ang mas pinaigting na koordinasyon at kolaborasyon sa pagitan ng mga pambansang ahensya gaya ng DFA, Department of Labor and Employment (DOLE), DSWD, at mga lokal na pamahalaan (LGU). Dapat na nakatuon ang inter-agency cooperation na ito sa pagpapabilis ng proseso ng repatriation, pagbibigay ng legal na tulong, at pagbuo ng mga programang sikolohikal na tutugon sa trauma at iba pang suliraning kinahaharap ng mga deportado.

Mahalaga ring paigtingin ang mga Pre-Departure Orientation Programs (PDOP) para sa mga nagnanais mangibang-bansa. Sa pamamagitan nito, mabibigyan sila ng sapat na kaalaman ukol sa mga legal na proseso, karapatang pantao, at mga praktikal na hakbang upang matiyak ang ligtas at marangal na migrasyon. Kalakip nito, nararapat ding ipatupad ang mga Post-Return Reintegration Programs na layuning suportahan ang muling integrasyon ng mga deportado sa kanilang mga komunidad. Kabilang dito ang mga pagsasanay pangkabuhayan, counselling, at pagpapaunlad ng mga kasanayan upang masiguro ang kanilang pangmatagalang kapakanan at aktibong partisipasyon sa lipunan.

Mariin ding inirerekomenda ang mas inklusibong konsultasyon sa mga mismong apektado, tulad ng mga Tausug Halaw, upang marinig ang kanilang mga mungkahi para sa mga posibleng reporma. Ang kanilang mga tinig ay maaaring maging batayan sa paghubog ng mga polisiyang mapanlahok at batay sa konteksto o participatory at context-based policies. Sa ganitong paraan, ang mga programa’t patakaran ay magiging mas angkop sa aktuwal na kalagayan at pangangailangan ng mga deportado.

Iminumungkahi rin ang pagbuo ng isang bilateral agreement sa pagitan ng gobyerno ng Pilipinas at Malaysia upang lumikha ng mga legal na oportunidad sa trabaho para sa mga Pilipinong nagnanais magtrabaho sa Sabah. Kailangan ding paghusayin ang proseso ng deportasyon—kabilang ang paggalang sa karapatang pantao, ang wastong pangangalaga sa mga kababaihan at bata, at ang pagbibigay ng sapat at malinaw na impormasyon sa mga deportado tungkol sa kanilang mga karapatan.

Bukod dito, mahalagang tiyakin ang direktang partisipasyon ng mga halaw sa mga community reintegration programs. Sa pamamagitan nito, mas magiging epektibo at tumutugon ang mga programa sa aktuwal nilang pangangailangan, karanasan, at kakayahan.

Isa ring mahalagang usapin na nararapat isama sa mga rekomendasyong pampolisiya ay ang patuloy na hindi pagkakaayos sa isyu ng Sabah na may kaugnayan sa Sultanato ng Sulu. Bilang tugon sa komplikadong kasaysayan at

kasalukuyang kalagayan ng mga Pilipinong naninirahan sa Sabah, inirerekomenda ang masinsinang diplomasya at negosasyon sa pagitan ng pamahalaan ng Pilipinas at ng Malaysia, kalakip ang partisipasyon ng mga kinikilalang tagapagmana ng Sultanato ng Sulu. Layunin ng prosesong ito na makabuo ng isang makatarungan at pangmatagalang solusyon na kikilala sa karapatan ng mga Pilipino sa Sabah—kabilang na ang pagbibigay ng legal na dokumento sa mga naninirahan doon at ang pagtiyak na makapag-aaral ang kanilang mga anak hanggang sa antas ng kolehiyo. Ang mga hakbanging ito ay hindi lamang magtataguyod ng karapatang pantao kundi magpapalalim din sa diplomatikong ugnayan ng dalawang bansa.

Sa huli, ipinapanukala ang mas masinop at masinsinang dokumentasyon at pananaliksik ukol sa mga karanasan ng mga deportado. Ang sistematikong pangangalap at pagsusuri ng kanilang mga salaysay ay mahalaga upang makabuo ng mga patakarang sensitibo sa kanilang partikular na kalagayan. Ang mga naratibo ng mga Tausug halaw ay hindi lamang naglalahad ng personal na karanasan kundi nagsisilbing salamin ng mas malalawak na estrukturang panlipunan—gaya ng kahirapan, kakulangan ng oportunidad, at diskriminasyon sa mga migrante. Ang ganitong uri ng pananaliksik ay mahalagang ambag sa pagtataguyod ng makatao, inklusibo, at makatarungang mga polisiya sa usapin ng migrasyon.

Ang pagkukuwento ng mga karanasan ng mga Tausug Halaw ay nagsisilbing mahalagang instrumento sa pag-angat ng kanilang tinig at sa pagbubunyag ng mga umiiral na estruktural na suliranin sa lipunan—tulad ng matinding kahirapan, kakulangan ng oportunidad, at hindi pantay na pagtrato sa mga migrante. Ang patuloy na paglikom at paglalathala ng ganitong mga naratibo ay hindi lamang nagsisilbing tala ng karanasan kundi isang uri ng panawagan para sa makatao at makatarungang pagbabago. Sa bawat salaysay ay may panibagong pag-unawa sa kalagayan ng mga inaaping sektor, at sa bawat pagsulat ay naitataguyod ang mas inklusibong pananaw sa paggawa ng mga patakaran. Sapagkat “may kuwento at may nagkukuwento; may susulat at may isusulat”—at sa pagsasatinig ng mga karanasang ito, naitatanghal ang karapat-dapat na dignidad ng bawat isa.

Endnotes

1. Philippine Statistics Authority. *Poverty Incidence ng mga Pamilya: Unang Semestre ng 2023*. <https://psa.gov.ph/poverty-statistics>.
2. PhilAtlas. "Tawi-Tawi." Last modified 2020. <https://www.philatlas.com/mindanao/armm/tawi-tawi.html>.
3. Tugano, Axle Christien. "Mga Gunita sa Aking Paglalakbay (2014–2018): Naratibo ng Overseas Filipino Workers sa Timog Silangang Asya at Europa." *Dalumat E-Journal* 7, no. 2 (2021): 6. <https://philpapers.org/archive/TUGMGS.pdf>.
4. Presidential Decree No. 442. *Labor Code of the Philippines*, 1974.
5. Department of Foreign Affairs. "2014 Stock Estimate of Overseas Filipinos." <https://dfa.gov.ph/>.
6. Bernardo, Astridin A., and Munap H. Hairulla. "Sama-Badjao Halaw from South Ubian, Tawi-Tawi, Philippines from 2000–2018: Narratives." *Asian Journal of Research in Education and Social Sciences* 4, no. 1 (March 2022): 99–112. <https://myjms.mohe.gov.my/index.php/ajress/article/view/17405/9127>.
7. "Brief History of Tawi-Tawi." Accessed May 15, 2025. <https://www.google.com/search?q=brief+history+of+tawi+tawi>.
8. Nimmo, H. Arlo. "Recent Population Movements in the Sulu Archipelago: Implications to Sama Culture History." *Archipel* 32 (1986): 25–38. https://www.persee.fr/doc/arch_0044-8613_1986_num_32_1_2307.
9. Ibid.
10. Muallil, Richard N., et al. "Inventory of Commercially Important Coral Reef Fishes in Tawi-Tawi Islands, Southern Philippines: The Heart of the Coral Triangle." *Fisheries Research* 230 (October 2020). <https://www.sciencedirect.com/journal/fisheries-research/vol/230/suppl/C>.
11. Hussin, Hanafi, and MCM Santamaria. "A Tale of Two Festivals: Examining Sama/Bajau Culture in the Kamahardikaan Festival of Bongao, Tawi-Tawi Province, Philippines and the Regatta Lepa Festival of Semporna, Sabah, Malaysia." *Borneo Research Journal* 9 (December 2015): 64–94. <https://juku.um.edu.my/index.php/BRJ/article/view/16710/9876>.
12. Ibrahim, Ibnor Azli. "The Impact of Filipino Muslim Ethnic Migration into Sabah on ASEAN Integration." *International Journal of Innovative Technology and Exploring Engineering* 8, no. 11 (September 2019): 370. https://www.researchgate.net/publication/336085813_The_Impact_of_Filipino_Muslim_Ethnic_Migration_into_Sabah_on_ASEAN_Integration.
13. Macasalong, Marjanie Salic. "The Impact of Militancy on Liberation Movements: The Case of Mindanao." *Islam and Civilisational Renewal* 5, no. 2 (2014): 228. <https://icrjournal.org/index.php/icr/article/view/404/383>.
14. Hassan, Abdujijim J. "Characteristics of Backdoor Migrants to Sabah, Malaysia from the Philippines: The Case of Two Island Communities of Tawi-Tawi." *SEAPRAP Research Report*, no. 33 (February 1978), ARCHIV 42952. <https://idl-bnc-idrc.dspacedirect.org/server/api/core/bitstreams/3d916ef0-7b8d-4503-8fd7-fd28a69923a5/content>.

15. Asis, Maruja M.B. "The Filipinos in Sabah: Unauthorized, Unwanted and Unprotected." In *Migration and Health in Asia*, edited by Lincoln C. Chen et al., 116–140. New York: Routledge, 2006. https://books.google.com.ph/books?hl=en&lr=&id=Go_rszhCZRgC.
16. Abdulkarim, Aleysa A. "Changes in the Dimensions of Life of Filipino Deportees from Malaysia." *Asian Social Work Journal* 1, no. 1 (May 2016). <https://msocialwork.com/index.php/aswj/article/view/6/4>.
17. Bernardo, Astridin A., and Munap H. Hairulla. "Sama-Badjao Halaw from South Ubian, Tawi-Tawi, Philippines from 2000–2018: Narratives." *Asian Journal of Research in Education and Social Sciences* 4, no. 1 (March 2022): 99–112. <https://myjms.mohe.gov.my/index.php/ajress/article/view/17405/9127>.
18. Frank, Sina. "Project Mahathir: 'Extraordinary' Population Growth in Sabah." *Südostasien aktuell* 5 (2006). https://www.ssoar.info/ssoar/bitstream/handle/document/33699/ssoar-suedostaktuell-2006-5-frank-Project_Mahathir_Extraordinary_PopulationGrowth_in.pdf.
19. Ibrahim, Bnor Azli, et al. "The Impact of Filipino Muslim Ethnic Migration into Sabah on ASEAN Integration." *International Journal of Innovative Technology and Exploring Engineering* 8, no. 11 (September 2019). <https://d1wqtxts1xzle7.cloudfront.net/>.
20. Hassan, Abduijim J. "Characteristics of Backdoor Migrants to Sabah, Malaysia from the Philippines: The Case of Two Island Communities of Tawi-Tawi." *SEAPRAP Research Report*, no. 33 (February 1978), ARCHIV 42952. <https://idl-bnc-idrc.dspacedirect.org/server/api/core/bitstreams/3d916ef0-7b8d-4503-8fd7-fd28a69923a5/content>.
21. Ibrahim, Bnor Azli. "The Impact of Filipino Muslim Ethnic Migration into Sabah on ASEAN Integration." *International Journal of Innovative Technology and Exploring Engineering* 8, no. 11 (September 2019): 370. https://www.researchgate.net/publication/336085813_The_Impact_of_Filipino_Muslim_Ethnic_Migration_into_Sabah_on_ASEAN_Integration.
22. Macasalong, Marjanie Salic. "The Impact of Militancy on Liberation Movements: The Case of Mindanao." *Islam and Civilisational Renewal* 5, no. 2 (2014): 228. <https://icrjournal.org/index.php/icr/article/view/404/383>.
23. Hassan, Abduijim J. "Characteristics of Backdoor Migrants to Sabah, Malaysia from the Philippines: The Case of Two Island Communities of Tawi-Tawi." *SEAPRAP Research Report*, no. 33 (February 1978), ARCHIV 42952. <https://idl-bnc-idrc.dspacedirect.org/server/api/core/bitstreams/3d916ef0-7b8d-4503-8fd7-fd28a69923a5/content>.
24. Navallo, Katrina S. "Filipino Migrants in Sabah: Marginalized Citizens in the Midst of Interstate Disputes." June 2013. https://d1wqtxts1xzle7.cloudfront.net/33183751/Navallo_2013_Filipino_migrants_in_Sabah-libre.pdf.
25. Kassim, Azizah. "Filipino Refugees in Sabah: State Responses, Public Stereotypes and the Dilemma Over Their Future." *Takasago International Review* 47, no. 1

- (2009): 52–88. https://www.jstage.jst.go.jp/article/tak/47/1/47_KJ00005849039/_article/-char/ja/.
26. Bryant, John. *Children of International Migrants in Indonesia, Thailand, and the Philippines: A Review of Evidence and Policies*. Florence: UNICEF Innocenti Research Centre, 2005. https://www.unicef-irc.org/publications/pdf/iwp2005_05.pdf.
 27. Kassim, Azizah. “Cross-Border Movement of Foreign Workers in Malaysia: A Comparative Analysis.” 2005. <https://citeseerx.ist.psu.edu/document?repid=rep1&type=pdf&doi=e09615c28725fadb77cbc4c5b7f6ef50e3537a96>.
 28. Mahalingam, Ravi. “Securitising Irregular Migration, Refugees, and Potential Security Threats in Malaysia.” *Malaysian Journal of Social Sciences and Humanities* 7, no. 8 (2022): e001683. <https://www.msocialsciences.com/index.php/mjssh/article/view/1683/1175>.
 29. Santos, Tânia, and Carlos Alberto Florindo. *New Country, New Needs, New Responses: Irregular Labour Migration to Timor-Leste*. ACPOBS/2013/PUB14. Geneva: International Organization for Migration (IOM), 2013. https://publications.iom.int/es/system/files/pdf/new_country_en.pdf.
 30. Wake, Caitlin. “Forced Migration, Urbanization and Health: Exploring Social Determinants of Health Among Refugee Women in Malaysia.” PhD diss., University of Victoria, 2014. https://dspace.library.uvic.ca/bitstream/handle/1828/5293/Wake_Caitlin_PhD_2014.pdf?sequence=4.
 31. Batuigas, Janet Tauro. “Istoryahan: Counter-Storytelling of Filipina Nurses in the Time of Covid-19 in New Zealand.” 2022. YouTube video. <https://www.youtube.com/watch?v=nOKThWiLF2g>.
 32. Bautista, Jamela B., and Christian Philip Mateo. “Balik Bayan: Mga Pasalubong na Kuwento ni Inay, DANUM. Ang Pagtingin sa Representasyon ng mga Overseas Filipino Worker (OFW) sa Pelikulang Pilipino Mula sa 1995–2020 Gamit ang Semiyolohikal na Pagsusuri.” YouTube video. <https://www.youtube.com/watch?v=nOKThWiLF2g>.
 33. Franco, Jean Encinas. “The Bagong Bayani Level on Overseas Filipino Workers.” 2022. YouTube video. <https://www.youtube.com/watch?v=nOKThWiLF2g>.
 34. Batuigas, Janet Tauro. “Istoryahan ng Imahen ng Diasporang Pilipina sa Popular na Medya.” 2022. YouTube video. <https://www.youtube.com/watch?v=nOKThWiLF2g>.
 35. Ybiernas, Vicente Angel S. “Ang ASEAN at ang Pagtatanggol sa, at Pagtataguyod ng Karapatan ng mga Migranteng Manggagawa.” *Saliksik E-Journal* 4, no. 2 (2015): 89–115. <https://www.researchgate.net/profile/Vicente-Angel-Ybiernas/publication/362711878>.
 36. Charmaz, Kathy. “Constructivist Grounded Theory.” 2016. https://www.academia.edu/39704388/Constructivist_Grounded_Theory.

References

- Abdulkarim, Aleyssa A. 2016. "Changes in the Dimensions of Life of Filipino Deportees from Malaysia." *Asian Social Work Journal* 1 (1). <https://msocialwork.com/index.php/aswj/article/view/6/4>.
- Asis, Maruja M. B. 2006. "The Filipinos in Sabah: Unauthorized, Unwanted and Unprotected." In *Migration and Health in Asia*, edited by Lincoln C. Chen et al., 116–140. New York: Routledge. https://books.google.com.ph/books?hl=en&lr=&id=Go_rszhCZRgC.
- Batuigas, Janet Tauro. 2022. "Istoryahan: Counter-Storytelling of Filipina Nurses in the Time of Covid-19 in New Zealand." YouTube video. <https://www.youtube.com/watch?v=nOKThWiLF2g>.
- . 2022. "Istoryahan ng Imahen ng Diasporang Pilipina sa Popular na Medya." YouTube video. <https://www.youtube.com/watch?v=nOKThWiLF2g>.
- Bautista, Jamela B., and Christian Philip Mateo. 2022. "Balik Bayan: Mga Pasalubong na Kuwento ni Inay, DANUM. Ang Pagtingin sa Representasyon ng mga Overseas Filipino Worker (OFW) sa Pelikulang Pilipino Mula sa 1995–2020 Gamit ang Semiyolohikal na Pagsusuri." YouTube video. <https://www.youtube.com/watch?v=nOKThWiLF2g>.
- Bernardo, Astridin A., and Munap H. Hairulla. 2022. "Sama-Badjao Halaw from South Ubian, Tawi-Tawi, Philippines from 2000–2018: Narratives." *Asian Journal of Research in Education and Social Sciences* 4 (1): 99–112. <https://myjms.mohe.gov.my/index.php/ajress/article/view/17405/9127>.
- Bryant, John. 2005. *Children of International Migrants in Indonesia, Thailand, and the Philippines: A Review of Evidence and Policies*. Florence: UNICEF Innocenti Research Centre. https://www.unicef-irc.org/publications/pdf/iwp2005_05.pdf.
- Department of Foreign Affairs. n.d. "2014 Stock Estimate of Overseas Filipinos." <https://dfa.gov.ph/>.
- Franco, Jean Encinas. 2022. "The Bagong Bayani Level on Overseas Filipino Workers." YouTube video. <https://www.youtube.com/watch?v=nOKThWiLF2g>.
- Frank, Sina. 2006. "Project Mahathir: 'Extraordinary' Population Growth in Sabah." *Südostasien aktuell* 5. https://www.ssoar.info/ssoar/bitstream/handle/document/33699/ssoar-suedostaktuell-2006-5-frank-Project_Mahathir_Extraordinary_PopulationGrowth_in.pdf.
- Hassan, Abdujijim J. 1978. "Characteristics of Backdoor Migrants to Sabah, Malaysia from the Philippines: The Case of Two Island Communities of Tawi-Tawi." *SEAPRAP Research Report* 33. <https://idl-bnc-idrc.dspacedirect.org/server/api/core/bitstreams/3d916ef0-7b8d-4503-8fd7-fd28a69923a5/content>.
- Hussin, Hanafi, and MCM Santamaria. 2015. "A Tale of Two Festivals: Examining Sama/Bajau Culture in the Kamahardikaan Festival of Bongao, Tawi-Tawi Province, Philippines and the Regatta Lepa Festival of Semporna, Sabah, Malaysia." *Borneo Research Journal* 9: 64–94. <https://juku.um.edu.my/index.php/BRJ/article/view/16710/9876>.
- Ibrahim, Ilnor Azli. 2019. "The Impact of Filipino Muslim Ethnic Migration into Sabah on ASEAN Integration." *International Journal of Innovative Technology and Exploring Engineering* 8 (11): 370. https://www.researchgate.net/publication/336085813_The_Impact_of_Filipino_Muslim_Ethnic_Migration_into_Sabah_on_ASEAN_Integration.
- Kassim, Azizah. 2005. "Cross-Border Movement of Foreign Workers in Malaysia: A Comparative Analysis." <https://citeseerx.ist.psu.edu/document?repid=rep1&type=pdf&doi=e09615c28725fadb77cbc4c5b7f6ef50e3537a96>.
- . 2009. "Filipino Refugees in Sabah: State Responses, Public Stereotypes and the Dilemma Over Their Future." *Takasago International Review* 47 (1): 52–88. https://www.jstage.jst.go.jp/article/tak/47/1/47_KJ00005849039/_article/-char/ja/.

- Macasalong, Marjanie Salic. 2014. "The Impact of Militancy on Liberation Movements: The Case of Mindanao." *Islam and Civilisational Renewal* 5 (2): 228. <https://icrjournal.org/index.php/icr/article/view/404/383>.
- Mahalingam, Ravi. 2022. "Securitising Irregular Migration, Refugees, and Potential Security Threats in Malaysia." *Malaysian Journal of Social Sciences and Humanities* 7 (8): e001683. <https://www.msocialsciences.com/index.php/mjssh/article/view/1683/1175>.
- Muallil, Richard N., et al. 2020. "Inventory of Commercially Important Coral Reef Fishes in Tawi-Tawi Islands, Southern Philippines: The Heart of the Coral Triangle." *Fisheries Research* 230. <https://www.sciencedirect.com/journal/fisheries-research/vol/230/suppl/C>.
- Navallo, Katrina S. 2013. "Filipino Migrants in Sabah: Marginalized Citizens in the Midst of Interstate Disputes." https://d1wqtxts1xzle7.cloudfront.net/33183751/Navallo_2013_Filipino_migrants_in_Sabah-libre.pdf.
- Nimmo, H. Arlo. 1986. "Recent Population Movements in the Sulu Archipelago: Implications to Sama Culture History." *Archipel* 32: 25–38. https://www.persee.fr/doc/arch_0044-8613_1986_num_32_1_2307.
- PhilAtlas. 2020. "Tawi-Tawi." <https://www.philatlas.com/mindanao/armm/tawi-tawi.html>.
- Philippine Statistics Authority. 2023. *Poverty Incidence ng mga Pamilya: Unang Semestre ng 2023*. <https://psa.gov.ph/poverty-statistics>.
- Presidential Decree No. 442. 1974. "Labor Code of the Philippines."
- Santos, Tânia, and Carlos Alberto Florindo. 2013. *New Country, New Needs, New Responses: Irregular Labour Migration to Timor-Leste*. ACPOBS/2013/PUB14. Geneva: International Organization for Migration (IOM). https://publications.iom.int/es/system/files/pdf/new_country_en.pdf.
- Tugano, Axle Christien. 2021. "Mga Gunita sa Aking Paglalakbay (2014–2018): Naratibo ng Overseas Filipino Workers sa Timog Silangang Asya at Europa." *Dalumat E-Journal* 7 (2): 6. <https://philpapers.org/archive/TUGMG5.pdf>.
- Wake, Caitlin. 2014. "Forced Migration, Urbanization and Health: Exploring Social Determinants of Health Among Refugee Women in Malaysia." PhD diss., University of Victoria. https://dspace.library.uvic.ca/bitstream/handle/1828/5293/Wake_Caitlin_PhD_2014.pdf?sequence=4.
- "Brief History of Tawi-Tawi." n.d. <https://www.google.com/search?q=brief+history+of+tawi+tawi>.

TUNGKOL SA MGA MAY-AKDA

Si Charity Joy B. Hashim (charityjoyhashim@msutawi-tawi.edu.ph) ay isang Propesor sa Departamento ng Sining at Agham mula sa Mindanao State University, Tawi-Tawi, College of Technology and Oceanography, Bongao, Tawi-Tawi. Siya ay kasalukuyang nasa proseso ng pag-aaral para sa kanyang Doktorado sa De La Salle Taft Manila na may espesyalisasyon sa Wika, Kultura, at Media.

ABOUT THE AUTHOR

Charity Joy B. Hashim (charityjoyhashim@msutawi-tawi.edu.ph) is a Professor in the Department of Arts and Sciences at Mindanao State University, Tawi-Tawi, College of Technology and Oceanography, Bongao, Tawi-Tawi. She is pursuing her Doctorate at De La Salle Taft Manila, specializing in Language, Culture, and Media.